

Patient Education

COVID-19 Vaccine (Adenovirus Vector)

You must carefully read the "Consumer Information Use and Disclaimer" below in order to understand and correctly use this information

Pagbigkas

(KO vid nine teen vak SEEN ad e noh VYE rus vek tor)

Mga Pangalan ng Brand: US

Janssen COVID-19 Vaccine

Mga Pangalan ng Brand: Canada

AstraZeneca COVID-19 Vaccine [DSC]; Covishield [DSC]; Janssen COVID-19 Vaccine; Vaxzevria

Saan ginagamit ang gamot na ito?

- Ginagamit ito upang mapigilan ang COVID-19.

Ano ang kailangan kong sabihin sa aking doktor BAGO ko inumin ang gamot na ito?

- Kung may allergy ka sa gamot na ito; anumang bahagi ng gamot na ito (kabilang ang polysorbate 80); o anumang gamot, pagkain, o substance (kabilang ang polyethylene glycol). Sabihin sa iyong doktor ang tungkol sa allergy at ang mga nakita o naramdaman mong senyales.
- Kung mayroon kang COVID-19, kung mayroon kang anumang sintomas na maaaring dahil sa COVID-19, kung naghihintay kang malaman ang mga resulta ng pagsusuri para sa COVID-19, o kung nagkaroon ka ng COVID-19 kamakailan.
- Kung mayroon kang karamdamdang may kasamang lagnat.
- Kung may mga problema ka sa pagdurugo.
- Kung nagkaroon ka na ng problemang pangkalusugan sa mga pamumuo ng dugo at mababang level ng platelet ng dugo (thrombosis with thrombocytopenia syndrome o TTS) Kabilang dito ang heparin-induced thrombocytopenia (HIT).
- Kung nagkaroon ka dati ng problema sa kalusugan na tinatawag na capillary leak syndrome.
- Kung nagkaroon ka na ng problema sa kalusugan na tinatawag na multisystem inflammatory syndrome (MIS).
- Kung ikaw ay umiinom ng aspirin o blood thinner.

- Kung nagpaturok ka ng ibang bakuna laban sa COVID-19.
- Kung nalantad ka sa isang taong may COVID-19 sa loob ng nakalipas na 14 na araw.
- Hindi ito listahan ng lahat ng mga gamot o problema sa kalusugan na nakasasagabal sa gamot na ito.
- Sabihin sa iyong doktor at pharmacist ang tungkol sa lahat ng iyong gamot (inirereseta o OTC, mga produktong natural, bitamina) at problema sa kalusugan. Dapat ninyong siguraduhin na ito'y ligtas para sa inyo kasabay ng iba pa ninyong gamot at mga problema sa kalusugan. Huwag simulan, ihinto, o palitan ang dosis ng anumang gamot ng hindi tinitiyak sa inyong doktor.

Ano ang ilang bagay na kailangan kong malaman o gawin habang iniinom ko ang gamot na ito?

- Sabihin sa lahat ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan na umiinom/gumagamit ka ng ganitong gamot. Kasama rito ang iyong mga doktor, nurse, pharmacist at dentista.
- Hindi makakapagdulot ng COVID-19 ang bakunang ito.
- May ilang produktong ibinibigay bilang 1 dosis, habang may iba na kinakailangang ibigay bilang 2 dosis. Maaari ding makakuha ng booster na dosis ang ilang tao. Tiyaking alam mo kung makakabalik ka para tanggapin ang mga dosis at kung kailan gagawin ito. Kung hindi ka sigurado, makipag-usap sa iyong doktor o pharmacist.
- Hindi pa napag-aalaman kung gaano katagal na mapoprotektahan laban sa COVID-19 ang mga taong nabakunahan ng bakunang ito.
- Tulad ng lahat ng bakuna, maaaring hindi ganap na maprotektahan ng bakunang ito ang lahat ng taong makakatanggap nito. Kung mayroon kang mga tanong, makipag-usap sa doktor.
- Kung mayroon kang mga side effect pagkatapos ng dosis, maaaring makatulong ang acetaminophen o mga nonsteroidal anti-inflammatory drug (NSAIDs) tulad ng ibuprofen o naproxen.
- Pagkatapos matanggap ang bakuna, patuloy na gawin ang mga bagay na nakakapigil sa pagkalat ng COVID-19 gaya ng inirerekomenda ng mga lokal na opisyal sa pampublikong kalusugan. Kabilang sa mga ito ang madalas na paghuhugas ng mga kamay, pagsusuot ng mask, pagpapanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang layo mula sa ibang tao, at pag-iwas sa maraming tao.
- Kung mayroon kang mahinang immune system o umiinom ka ng mga gamot na nagpapahina sa immune system, makipag-usap sa iyong doktor. Maaaring hindi rin tumalab ang bakunang ito.
- Maaaring kailanganin ng mga taong nagpabakuna nito bago o sa panahon ng stem cell transplant o chimeric antigen receptor [CAR]-T therapy na magpabakuna ng iba. Kung sumailalim ka na o sasailalim ka pa lang sa mga paggamot na ito, kausapin ang iyong doktor.
- Bihira, may nangyaring mga kaso ng Bell's palsy sa mga pag-aaral. Hindi pa alam kung ang bakunang ito ang maaaring dahilan. Sabihin sa iyong doktor kung nagkaroon ka na ng Bell's palsy. Tawagan kaagad ang iyong doktor kung mayroon kang mga senyales tulad ng mga nanghihina o lumalaylay na kalamnan sa isang bahagi ng iyong mukha.

- •Napakabihira ng pagkakaroon ng problema sa nervous system na tinatawag na Guillain-Barre syndrome sa mga taong nagpaturok ng bakunang ito. Kadalasan, nagsisimula ang mga sintomas sa loob ng 42 oras pagkatapos magpabakuna. Nakita ang pinakamataas na panganib sa mga lalaki na nasa pagitan ng 50 at 64 na taong gulang. Tumawag kaagad sa iyong doktor kung nakakaranas ka ng panghihina, pakiramdam na tinutusok, hirap sa paglakad, hirap sa mga paggalaw ng mukha (gaya ng pagsasalita, pagnguya, o paglunok), pagkaduling, hindi maigalaw ang iyong mga mata, o problema sa pantog o pagkontrol sa pagdumi.
- •Sa bihirang pagkakataon, nagdulot ang gamot na ito ng malubha at kung minsan ay maaaring makamatay na problemang tinatawag na capillary leak syndrome (CLS). Maaaring magsanhi ang CLS ng mababang presyon ng dugo, abnormal na tibok ng puso, pananakit ng dibdib, o atake sa puso. Maaari rin itong magsanhi ng mga problema sa baga o paghinga, pagdurugo o paghina ng pagdaloy ng dugo sa tiyan o bituka, mga problema sa bato, pamamaga, o pagkalito. Kung mayroon kang mga tanong, makipag-usap sa doktor.
- •Sabihin sa iyong doktor kung ikaw ay buntis, may planong magbuntis, o nagpapasuso. Kakailanganin ninyong pag-usapan ang tungkol sa mga benepisyo at panganib sa iyo at sa sanggol.

Ano ang ilang side effect na kailangan kong itawag kaagad sa aking doktor?

- **BABALA/MAG-INGAT:** Bagama't maaaring bibihira, ang ilang tao ay maaaring may napakalubha at kung minsan ay mga nakamamatay na side effect kapag umiinom ng gamot. Sabihan ang iyong doktor o humingi agad ng tulong medikal kung mayroon ka ng alinman sa mga sumusunod na palatandaan o sintomas na maaaring may kinalaman sa isang napakalubhang side effect:
- •Ang mga sensyales ng reaksiyon sa allergy, tulad ng pantal; tagulabay; pangangati; pamumula, pamamaga, pamamaltos, o panunuklap ng balat nang mayroon o walang lagnat; paghagok; paninikip ng dibdib o lalamunan; hirap sa paghinga, paglunok, o pagsasalita; kakaibang pamamalat; o pamamaga ng bibig, mukha, labi, dila, o lalamunan.
- •Mabilis na pagtibok ng puso, pagkahilo, pagkahimatay, panghihina, pamamaga sa mga braso o binti, o biglang pagbigat ng timbang. Ang mga ito ay posibleng iba pang sintomas ng allergic na reaksiyon o iba pang uri ng reaksiyon.
- •Ang napapaso, namamanhid, tinutusok na pakiramdam na hindi normal.
- •Pagbagting sa pandinig.
- •Bihira, ngunit may mga tao nang naturukan ng bakunang ito na nagkaroon ng uri ng mababang level ng platelet ng dugo na tinatawag na immune thrombocytopenia (ITP). Kadalasan, nangyari ito sa loob ng 42 araw pagkatapos magpabakuna. Kung nagkaroon ka na ng ITP, makipag-usap sa iyong doktor. Tawagan agad ang iyong doktor kung nagkakaroon ka ng anumang hindi maipaliwanag na pagpapasa o pagdurugo.
- •Sa napakabihirang pagkakataon, may nangyari nang mga pamumuo ng dugo na may kasabay na mababang antas ng platelet sa dugo (kung minsan ay may kasabay na pagdurugo) sa mga taong nagpaturok ng bakunang ito. Pinakamadalas itong nangyari sa mga babaeng nasa edad na

30 hanggang 49. Kadalasan, nagsisimula ang mga senyales sa loob ng 1 hanggang 2 linggo matapos ang bakuna. Sa ilang pagkakataon, naging banta na ito sa buhay. Nangyari ang mga pamumuo ng dugo na ito sa iba't ibang bahagi, kabilang ang utak, bahagi ng tiyan, at mga binti. Tawagan kaagad ang iyong doktor kung mararanasan mo ang alinman sa mga senyales na ito: Pamamasa o pagkakaroon ng maliliit na spot ng dugo na malayo sa bahaging tinurukan, matinding pananakit ng ulo, pananakit ng ulo na hindi gumagaling, pananakit ng tiyan na hindi gumagaling, pamamaga o pananakit ng binti, pananakit ng dibdib, pangangapos ng hininga, o malabong paningin, mga pangingsay, o pagkaramdam ng pagkalito.

Ano ang ilan sa iba pang side effect ng gamot na ito?

- Lahat ng gamot ay maaaring magdulot ng mga side effect. Gayunman, maraming tao ang walang side effect o mayroon lamang mahinang side effect. Tawagan ang iyong doktor o humingi ng tulong medikal kung nababagabag ka o hindi nawawala ang alinman sa mga side effect na ito o anumang iba pang side effect:
- Pananakit, pamumula, o pamamaga sa bahaging tinurukan ng iniksyon; pananakit ng ulo; pananakit ng muscle o kasukasuan; lagnat na 100.4°F (38°C) o mas mataas; pagkaramdam ng ginaw; pananakit ng tiyan, pagsusuka o pagtatae; mga namamaga o makiroto na gland; o pagkapagod o masamang pakiramdam. Hindi gaanong malala ang karamihan sa mga side effect. Kadalasan, nawawala ito sa loob ng 1 hanggang 2 araw pagkatapos ng iniksyon.
- Maaring hindi ito ang laging side effect na magyayari. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga side effect, tawagan ang iyong doktor. Tawagan ang inyong doktor para sa payong medikal tungkol sa mga side effect.
- Maaari mong iulat ang mga side effect sa iyong pambansang ahensiya ng kalusugan.
- Iulat ang mga side effect sa Vaccine Adverse Event Report Reporting System (VAERS) ng FDA/CDC sa <https://vaers.hhs.gov/reportevent.html> o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-822-7967. Mayroon ding smartphone tool na tinatawag na V-safe na maaaring gamitin upang malaman kung kumusta ang iyong kalagayan at iulat ang mga side effect. Makikita ito sa <https://vsafe.cdc.gov>. Kung kailangan mo ng tulong sa V-safe, tumawag sa 1-800-232-4636.

Paano pinakamainam na inumin ang gamot na ito?

- Gamitin ang gamot na ito gaya nang iniutos ng iyong doktor. Basahin ang lahat ng impormasyong ibinigay sa iyo. Sunding mabuti ang lahat ng tagubilin.
- Itinuturok ito sa muscle.
- Susubaybayan kang mabuti habang tinatanggap mo ang gamot na ito at sa loob ng maikling panahon pagkatapos ng iyong dosis. Makipag-usap sa iyong doktor.

Ano ang gagawin ko kung mayroon akong hindi maiinom na dosis?

- Tawagan ang iyong doktor upang malaman ang gagawin. Para sa pinakamahusay na proteksyon laban sa COVID-19, mahalagang hindi mo makaligtaan o malaktawan ang mga dosis.

Paano ko iiimbak at/o itatapon ang gamot na ito?

- •Ibibigay sa iyo ang iniksiyon na ito sa isang lugar kung saan may nagbibigay ng alagang pangkalusugan o healthcare setting. Hindi mo itatago ito sa bahay.

Mga pangkalahatang kaalaman tungkol sa gamot

- •Kung ang mga sintomas o mga problemang pangkalusugan ay hindi bumuti o lalong lumala, tawagan ang inyong doktor.
- •Huwag ibahagi ang iyong gamot sa iba at huwag inumin ang gamot ng iba.
- •Itago ang lahat ng gamot sa isang ligtas na lugar. Itago ang lahat ng gamot sa hindi naaabot ng mga bata o alagang hayop.
- •Itapon ang anumang hindi nagamit o nag-expire na gamot. Huwag i-flush sa toilet o ibuhos sa drain maliban na lang kung sinabi sa iyo. Sumangguni sa iyong pharmacist kung may mga tanong ka tungkol sa pinakamagandang paraan upang magtapon ng mga gamot. Maaaring may mga programa ng pagsauli ng gamot sa iyong lugar.
- •Maaaring may iba pang polyeto ng impormasyon ng pasyente ang ilang gamot. Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa gamot na ito, mangyaring makipag-usap sa iyong doktor, nurse, pharmacist o iba pang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- •Kung sa palagay mo ay sumobra ang gamot, tawagan ang iyong poison control center o humingi agad ng pangangalagang medikal. Humandang sabihin o ipakita kung ano ang ininom, gaano karami, at kung kailan nangyari ito.

Paggamit sa Impormasyon ng Consumer at Disclaimer: Ang pangkalahatang impormasyong ito ay limitadong buod ng diagnosis, paggamot, at/o impormasyon ng gamot. Hindi nito nilalayong maging kumplikado at dapat itong gamitin bilang pantulong sa gumagamit na maunawaan at/o masuri ang posibleng mga pagpipilian sa diagnostic at paggamot. HINDI kasama rito ang lahat ng impormasyon tungkol sa mga kundisyon, paggamot, gamot, side effect, o panganib na maaaring naaangkop sa isang partikular na pasyente. Hindi nito nilalayong maging medikal na gabay o kapalit ng medikal na gabay, diagnosis, o paggamot ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan batay sa pagsusuri ng provider ng pangangalagang pangkalusugan sa mga partikular at natatanging karanasan ng isang pasyente. Dapat ay makipag-usap ang mga pasyente sa provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa kumpletong impormasyon tungkol sa kanilang kalusugan, mga medikal na tanong, at mga pagpipiliang paggamot, kabilang ang anumang panganib o benepisyo kaugnay ng paggamit/pag-inom ng mga gamot. Hindi inienderso ng impormasyong ito ang anumang paggamot o gamot bilang ligtas, epektibo, o aprubado para sa paggamot ng isang partikular na pasyente. Itinatatwa ng UpToDate, Inc. at ng mga affiliate nito ang anumang warranty o pananagutang nauugnay sa impormasyong ito o paggamit nito. Ang paggamit ng impormasyong ito ay nasasaklawan ng Mga Tuntunin ng Paggamit na nasa <https://www.wolterskluwer.com/en/know/clinical-effectiveness-terms>.

Last Updated 6/13/22



© 2022 UpToDate, Inc. and its affiliates and/or licensors. All rights reserved.

